# 1

"Hi! I don't think we've been formally introduced," nakangiting bati ni Lilac, ang magandang apo ni Don Alejandro Villaroel.

Nakita na ito ni Pierre noong dumalaw ito kasama nito ang abuelo at ang kapatid nitong si London sa wake ng kanyang ama.

Personal driver ni Don Alejandro ang ama niyang si Jimmy sa loob ng matagal na panahon. Nang maganap ang aksidente na siyang ikinamatay ng kanyang ama, mag-isa lamang ito at hindi lulan ng kotseng minamaneho nito ang don.

Dahil patuntong pa lamang siya noon sa kolehiyo nang maulila sa ama, si Don Alejandro na ang nagpapaaral sa kanya sa kursong Mechanical Engineering. Ito rin ang nagbibigay ng panggastos nila ng Tiya Melda niya, ang nakababatang kapatid ng kanyang ama at tanging kamag-anak na mayroon siya. Namatay ang kanyang ina noong apat na taong gulang pa lamang siya at wala siyang kapatid.

Bilang kapalit sa kabutihan ng don, nagprisinta siyang maging driver nito. Labag sa prinsipyo niya na

basta na lamang tanggapin ang tulong ng matanda nang wala man lang siyang serbisyong naibibigay rito. Ngunit sa halip na maging driver nito ay ang apo nitong si Lilac ang ipagmamaneho niya. Graduating na sa high school ang dalagita. At ang alam niya, namatay ang ina nito sa panganganak dito at ang ama naman nito na isang dating alkalde sa lugar nila ay na-ambush ng kalaban nitong kandidato noong wala pang tatlong taon si Lilac. Mula noon, ang don na ang nag-aalaga rito at sa kapatid nitong si London.

"I'm Lilac Villaroel. But since anak ka ni Tatay Jim at magiging personal driver naman kita, Lilac na lang itawag mo sa akin." Inilahad nito ang kamay sa kanya upang makipagkamay. Hindi niya alam kung tatanggapin ba iyon o ano.

Natuon ang tingin niya sa napakaganda, napakakinis at napakaputi nitong kamay. Bigla siyang nahiyang tanggapin iyon. Nakaramdam siya ng pagkailang. Gusto niyang pagalitan ang sarili dahil dapat sa edad niyang magbe-beinte uno, alam na niyang makiharap sa kahit kanino. Kunsabagay, hindi naman basta kung sino lang ang nasa kanyang harapan; ito ang nag-iisang apong babae ni Don Alejandro. Idagdag pang para itong artista sa labis na kagandahan. Pakiramdam niya ay madudumihan

ang kamay nito kapag nadikit sa kanya.

Laking gulat niya nang ito na mismo ang umabot sa kamay niya. “Pierre, right?” nakangiting turan nito. “Hi Pierre, nice meeting you…”

Tila ba napipi siya nang mga sandaling iyon. Parang isang anghel sa ganda ang mukhang nasa kanyang harapan.

“You have to say, ‘nice meeting you, too, Lilac’,” natatawang turo nito sa kanya.

“N-nice meeting you, Señorita,” sa wakas ay nagawa niyang sabihin.

“Lilac,” pagtatama nito. “Kahit kanino sa mga kasambahay, hindi ako nagpapatawag ng ‘señorita’. Kahit kanino mo pa itanong.”

Naikuwento na sa kanya ng ama niya na hindi lamang si Don Alejandro ang mabait kundi maging ang mga apo nitong sina London at Lilac. At ngayon niya napatunayang totoo nga ang sinabi ng tatay niya. Ganoon din ang bilin ng matanda sa kanya, na tawagin niya itong ‘Lolo Alejandro’. Bagaman naiilang, sinunod niya ang matanda. At ngayon, nasa mga mata ng dalagita ang sinseridad sa ipinapakita nitong pagkagiliw sa kanya.

"Try it," narinig niyang sabi nito.

"H-ha?"

"Subukan mong sabihin iyong pangalan ko. Sige na." At sino ba ang makakatanggi sa magagandang matang iyon na waring nangungusap?

"Nice meeting you, Lilac."

"There!" tuwang sabi nito. "Mas maganda kung may smile. Pero okay na rin na saka na iyon. Kasi alam kong malungkot ka pa rin dahil sa pagkawala ni Tatay Jim. Tara na?"

"S-saan ho?" Dahil yata sa sobrang pagkatulala rito ay para siyang nawala sa sarili.

Narinig niya ang pagtawa ng babae. Kahit iyon ay napakasarap pakinggan, kagaya ng tinig nito. "Sa school, saan pa?"

Pinamulahan siya ng mukha. Upang maitago iyon ay agad niya itong pinagbuksan ng pinto sa backseat. Naiinis siya sa sarili dahil sa naging reaksyon niya sa apo ni Don Alejandro. Naturingan siyang hindi na teenager pero parang si Lilac pa ang lumabas na nasa hustong edad sa klase ng pagkataranta at pagkakiming ipinamalas niya.

Gusto niyang mapailing. Dapat siya ang nasa

kontrol dahil di-hamak na mas matanda siya rito. Kuya na siya nitong maituturing dahil kaedad niya ang kapatid nitong si London. 'Kuya Pierre' dapat ang tawag nito sa kanya. Nang sa gayon ay maalala niyang batang-bata pa ito kung ikukumpara sa kanya at wala siyang karapatan ni magka-crush man lang dito.

"How are you now?" usisa ni Lilac habang umaandar na ang sasakyan. Saglit niya itong tiningnan sa rear-view mirror. Nang magtagpo ang kanilang mga paningin ay agad niyang ibinalik iyon sa daan.

Bagay na bagay kay Lilac ang school uniform nito. Naka-pony tail ang mahaba nitong buhok. Maging ang suot nitong alahas ay simple rin.

"I mean, how have you been coping? Ngayong wala na ang Tatay Jim?"

"Okay lang naman ho," sagot niya.

Mahinang bumungisngis ito. "Graduating ka na sa college, di ba?" tanong nito.

"Oho."

"How old are you then? Twenty? Twenty-one?"

"Magtu-twenty-one ho."

"I'm sixteen. So five years tanda mo sa akin. Dapat hindi mo ako hinoho-'ho' diyan."

"Sorry," aniya.

"Apology accepted," anito. "Hindi na kita tatawagin na Kuya Pierre, ah. Kasi gusto ko, maging magkaibigan tayo. Puwede ba iyon, Pierre?" tanong pa nito.

Hindi ba dapat siya ang humihiling ng ganoon dito? "Ahm—"

"C'mon say 'yes'," agad na nitong singit bago pa siya makapagsalita. "Mabait naman ako, eh."

"Okay," aniya.

"Great. Now, stop the car." Kumunot ang noo niya; malayo pa sila sa school nito.

"Bakit?" taking-tanong niya.

"Basta pakitabi ang kotse sa gilid saglit," anito.

Sinunod niya ang utos ng dalagita. Nang maitabi niya ang sasakyan ay bumaba ito. "Teka, saan ka—" Natigil siya sa pagtatanong nang pagkababa ni Lilac buksan nito ang pinto sa passenger's seat. Lumipat ito sa tabi niya!

Nginitian siya nito habang kinakabit nito ang

seatbelt.

"Bakit ka lumipat?" nalilitong tanong ni Pierre. Ngayong magkatabi na sila ay amoy na amoy niya ang pabango ng dalagita. Paano pa siya makakapagmaneho nang maayos sa lagay na iyon?

"Magkaibigan na tayo, di ba?" Litong tumango siya. "Ang pangit namang tingnan kung sa likod ako nakasakay, eh, friends na nga tayo. Mula ngayon, dito na ako uupo parati. Sige, tara na."

Nanatiling nakatitig lamang siya rito. Nakakatuwa itong pagmasdan habang nakangiti sa kanya. May nakakabit na braces sa mga ngipin nito at violet pa ang kulay niyon. Katulad ng pangalan nito: Lilac.

"May problema ba?" tanong nito.

"W-wala."

"So, let's go? Baka kasi ma-late pa ako, eh."

Napapahiyang pinaandar niya ang sasakyan. Wala pang kahit na sinong babae ang nakapagpailang sa kanya. Marami rin siyang barkadang babae, bukod pa sa mga nagpapakita ng interes sa kanya. Ngunit pagdating kay Lilac ay tila ba nakalimutan niya kung paano makiharap sa isang babae. Halos

mapipi siya sa harapan nito.

Pakiramdam niya, ngayon pa lang ay mahihirapan na siya sa trabahong iyon na ibinigay sa kanya ni Don Alejandro. At ang hindi niya maintindihan ay kung bakit ganoon na lamang ang epekto sa kanya ni Lilac.

---

"O, bakit ngingiti-ngiti ka diyan?" tanong ng kaibigan ni Lilac na si Beth nang salubungin siya nito. Hindi niya namalayang ganoon pala ang anyo niya. "Para namang nakita mo sa personal ang crush mong lolo na si Ben Affleck," kantyaw pa nito. Sa mga kaedad kasi niya ay siya lamang ang nagka-crush sa malaki ang tanda sa kanila.

"You're right, Beth. Nakita ko nga si Ben Affleck sa personal. At hindi ko lang siya basta nakita. Kundi makakasama ko siya araw-araw dahil siya na ang maghahatid at susundo sa akin sa school."

"Mag-ilusyon ba!"

"I'm talking about my new driver," aniya.

"Kamukha ni Ben Affleck ang bago mong driver?" maang na bulalas ni Beth.

"Exactly," aniya. Talaga namang nahahawig sa

Hollywood star si Pierre. Iyon nga ang unang-una niyang napansin nang isama silang magkapatid ng kanilang lolo sa burol ni Tatay Jim. Iyon at ang malulungkot na mga mata ng binata. Hindi niya ito inaalisan ng tingin kahit noong libing ng ama nito dahil para bang pagkalungkot-lungkot nito.

Nang lumuha ito ay napaiyak din siya. Para bang ang sakit-sakit ng puso niya. Malapit sa kanya si Tatay Jim at talagang nalulungkot siya sa pagkamatay niyon lalo pa at matagal iyong naglingkod sa kanyang abuelo. Ngunit mas nalulungkot siya para kay Pierre. Nang araw ng libing ay gustung-gusto niya itong lapitan upang aluin at yakapin. Hindi niya alam kung bakit ganoon ang naging pakiramdam niya. Ngunit mula nang unang beses niya itong makita ay tila ba napukaw na nito agad ang puso niya.

He had the kindest eyes she had ever seen. And the saddest at that moment. Kaya nga tuwang-tuwa siya nang ibalita ng abuelo na ito na ang magda-drive para sa kanya.

"May crush ka naman ngayon sa isang driver lang?" ani Beth.

"Hindi basta driver lang si Pierre."

"So, Pierre pala ang pangalan niya."

"Oo. Anak siya ni Tatay Jim." Kilala rin nito ang dati nilang driver at ang nangyari rito dahil madalas ito sa bahay nila. "Graduating na siya sa course niyang Mechanical Engineering. Ayaw lang pumayag na hindi mapalitan kahit papa'no iyong tulong ng lolo, kaya iyon, nagprisintang maging driver sa amin. At alam mo ba? Magkaibigan na kami. Pumayag siyang maging kaibigan ko."

Nanunukso ang ngiti ng kanyang best friend. "Uy, iba na 'yan. Iba na 'yang napi-feel ko sa boses mo, Lilac. Parang… parang seryoso 'yang paghanga mo kay Pierre, ah."

"Wala naman sigurong masama d'un," depensa ni Lilac.

Napailing na lang si Beth sa sinabi ng kaibigan.

# 2

“Hindi ka naman yata nakikinig,” sabi ni Pierre kay Lilac.

Pitong buwan na niya itong driver. Nasa garden sila nang mga sandaling iyon. Hindi pa ito umuwi agad pagkahatid sa kanya galing sa school dahil pinakiusapan niya itong turuan siya sa leksyon niya.

Habang nagpapaliwanag ito kung paano nito na-solve ang Math problems na assignment nila ay mataman naman siyang nakatingin dito.

Mula first year ay Dean’s Lister si Pierre, ayon na rin sa lolo niya. Kaya naman lalo pang nadagdagan ang nararamdaman niyang paghanga rito. At ang paghangang iyon ay nauwi na nang tuluyan sa pagmamahal nang lubusan niyang makilala ang pagkatao nito. It was inevitable, she guessed.

“Lilac? Nakikinig ka ba?” narinig niyang muling untag ng binata. “Mukhang naglalakbay na naman ’yang utak mo diyan.”

“Hindi, ah!” agad niyang tanggi. “Nakikinig ako.”

“Talaga? Sige nga. Kung talagang nakikinig ka, ipaliwanag mo nga sa akin kung paano ko na-solve ’to?”

Napatingin siya sa libro at sa notebook niya. Paano nga ba nito iyon nasagot? “Eh… ”

Pumalatak ang kaharap. “Sinasabi ko na nga ba,” iiling-iling na sabi nito. “You’re not listening, young woman.” Marahan nitong ginulo ang buhok niyang nakaladlad ngayon.

Para namang kiniliti si Lilac sa kilig. He called her ‘young woman’. She liked that.

“Puwede na kasi ’yan,” aniya. “Nasagutan mo naman na, okay na.”

“Pa’no kapag tinawag ka ng teacher mo para ipaliwanag kung pa’no mo nasagot ’yan? Sige nga?” hamon nito sa seryosong tono.

Hindi siya nakakibo. Kung umakto si Pierre ay daig pa nito ang Kuya London niya sa kahigpitan kapag pag-aaral niya ang pinag-uusapan. Kung minsan, para na nga itong tatay niya kung umasta. Hindi siya makalusot dito kapag gusto niyang gumala. Ngunit sa kabila niyon, habang tumatagal na kasama niya ito, ay lalo pa itong minamahal ng batang puso niya.

Maaaring kuwestiyunin ng iba ang nararamdaman niya para kay Pierre. Puwedeng sabihin na infatuation lamang iyon. O simpleng 'puppy love'. Ngunit alam ni Lilac sa puso niya na mahal niya talaga ito. At ipinangako niya sa sariling gagawin niya ang lahat upang mahalin din siya ng binata.

"Hey, Miss Lilac. Tama na ang pagde-daydreaming…" narinig niyang ani Pierre. Saka pa lamang niya namalayang nakatitig pala siya sa kawalan.

"H-ha? Ano na nga ulit iyon?" tanong niya.

"Naku," nangingiting sabi nito. "Kung hindi ka lang malakas sa akin…" Natawa siya dahil alam niyang kunwari lang itong napipikon. "Uulitin ko, ah. Makinig ka na, okay?" anito.

"Okay," walang nagawang turan niya. And this time ay talagang pinakinggan niya ito. Kaya nang muli siya nitong tanungin ay maayos na niyang nai-explain ang solution na ginawa nito. Ang huling dalawang items ay siya na ang sumagot at tama naman iyon.

"Ngayon puwede na tayong mag-merienda," sabi ng binata  sabay inom ng iced tea. Tig-isa silang

slice ng black forest cake na inihatid sa kanila ng kanilang kasambahay.

"Pierre? Ano'ng mga hitsura ng mga kaklase mong babae?" curious na tanong niya. "Pa'no sila magsalita o kumilos?"

"Bakit gusto mong malaman?" She shrugged her shoulders. "Parang katulad mo rin. Hindi lang sila kasing-kulit mo at hindi isip-bata," nakangising turan nito.

Napasimangot si Lilac. "Anong isip-bata? Mature na ako."

Tumawa ito nang malakas. "Talaga? Mature ka na?"

"Oo naman! Next year college na rin ako."

"Bakit nagta-tantrum ka pa rin kapag hindi nasunod iyong gusto mo? Narinig ko lang last week na nagmamarakulyo ka dahil hindi ka pinayagan ng lolo mo na um-attend sa birthday party ng kaklase mong si Monique sa Tagaytay."

"Iba namang kaso 'yon. Sa aming magkakaklase, ako na lang palagi ang hindi nakakasama sa mga lakaran kasi masyadong protective si Lolo. Hello? Sixteen na kaya ako. Si Monique nga nahalikan na

ng boyfriend niya, eh," kandahaba ang ngusong reklamo niya.

"'Oy, Lilac," agad nitong sabi; umakto na namang parang kuya niya. "Bata ka pa para isipin 'yang mga boyfriend-boyfriend na 'yan. At saka huwag kang gumagaya d'un sa mga kaklase mong nagpipilit maging dalaga agad."

"Dalaga na rin naman iyong sixteen, ah!" reklamo niya.

"Dalagita pa lang iyon. At magkaiba kayo ni Monique. Huwag na huwag mo siyang gagayahin. Noong isang araw lang nakita kong patagong naninigarilyo iyon sa kotse niya. Mas maganda iyong simple ka lang palagi," litanya pa nito.

Kapag ganoon na ang tono ni Pierre, sa halip na mainis o mapikon ay natutuwa pa siya. Damang-dama kasi niya ang concern nito kapag umaakto na ito ng ganoon.

Nang minsan ngang kasabay niyang lumabas ng school ang kaklaseng si Billy na nagpapalipad-hangin sa kanya ay halatang hindi iyon nagustuhan ni Pierre. Salubong ang mga kilay nito at tila hindi maipinta ang mukha nang makasakay siya sa kotse. Gusto niyang isipin na nagselos ito sa admirer

niya. Pero malay ba niya, hindi naman imposibleng maging ganoon nga?

"Ikaw, Pierre, may girlfriend ka na ba?" usisa niya. Matagal na niyang gustong itanong sa lalaki ang tungkol doon. Ngayon lang siya nakaipon ng tapang at lakas ng loob na gawin iyon. Dama niya ang malakas na kabog sa kanyang dibdib habang hinihintay ang sagot nito.

Bakit ba parang nag-iisip pa ito? Napakadali namang sagutin niyon: oo lang o hindi. Lalo tuloy siyang ninenerbiyos.

Umiling ito; walang anumang sumagot. "Wala," anito.

"Eh, nililigawan?" tanong pa ni Lilac. Masasaktan pa rin siya kahit na nililigawan pa lang ang mayroon ito. Ibig lang kasing sabihin ay may espesyal na babae itong itinatangi.

"Wala rin." Ang atensyon nito ay naroon sa kinakaing cake.

"Wala kang nililigawan?" ulit niya. "Bakit?"

"Anong bakit?"

"Bakit wala kang girlfriend o kaya nililigawan man lang?"

Siya na siguro ang pinakamasayang babae sa buong mundo kapag ang sagot nito ay dahil sa kanya. *Hay, wish mo lang, Lilac!*

"Istorbo lang 'yun," kibit-balikat nito. "Bakit ba tanong ka nang tanong?"

Hindi niya pinansin ang huling sinabi nito. "Istorbo lang? Eh, pag may girlfriend ka, siyempre may mag-aalaga sa 'yo. May magtatanong sa 'yo kung kumain ka na ba o kung ano ang ginawa mo buong maghapon? Gan'on. Maraming advantage ang may girlfriend, di ba?"

"So, pinapayuhan mo na akong magka-girlfriend, gan'un ba, Lilac?" natatawang tanong nito.

"Oo—I mean, depende… sa girlfriend. Dapat mamili ka ng babae na talagang bagay sa 'yo. Malay mo… baka nga hindi mo alam, nandiyan lang pala sa tabi-tabi iyong babaeng kailangan mo. Baka matagal mo na pala siyang kasama," pasimpleng pagpapahaging niya.

*Nakuu, sana naman ay makaramdam ang lalaking ito!*

Kulang na lang ay derecho niyang sabihin na siya mismo ang babaeng tinutukoy niya. Nakita niyang bigla itong napaisip. At napatitig sa kanya!

Bigla tuloy siyang na-conscious. Nahalata ba ni Pierre na ang pagpaparamdam niya? Did he all of a sudden see her in a different light?

"Sa palagay ko tama ka," anito pagkaraan, kasabay ng pagtangu-tango. "You just gave me an idea."

"About what?" Lalo pa yatang natriple ang bilis ng tibok ng puso niya.

"Na baka nga nasa tabi-tabi lang iyong babaeng tinutukoy mo at hindi ko lamang napapansin. Na nandiyan lang siya para sa akin," tugon nito.

Nakuha ni Pierre ang ibig niyang sabihin! Halos tumalon ang puso niya sa labis na katuwaan.

"Right. Liligawan ko na si Marie."

"Yeah, I think so—what?" pabiglang bulalas niya. "What did you just say?"

"Liligawan ko na si Marie, gaya ng payo mo," ulit nitong tila seryosong-seryoso.

"Who's Marie?" kunot at salubong ang kilay na tanong niya. Lilac ang pangalan niya at hindi Marie!

"My friend," ani Pierre.

"Your friend? Aside from me?"

Nakita niyang napangiti si Pierre. “Bakit, akala mo ba ikaw lang ang kaibigan ko?” anito sa pabirong tono. “Mabait naman ako kaya marami akong kaibigan.”

“Si Marie na kaibigan mo ang tinutukoy mo?” maang na tanong niya. Hindi na niya alintana kung nakarehistro man sa buong mukha niya ang labis na disappointment.

“Yup. Palagi lang siyang nandiyan para sa akin. Lilac, binigyan mo ng linaw ang isip ko,” sabi pa ni Pierre.

Parang gusto na niyang maiyak nang mga sandaling iyon. “Kaklase mo ba si Marie?” tanong niya nang matagpuan muli ang tinig.

Tumango ito. “Since freshman,” anito.

Napalunok si Lilac. Masakit na masakit ang nararamdaman niya nang mga sandaling iyon. “A-and you like her?” nangingilid na ang luhang tanong niya.

Sa cake nakatuon ang tingin ng kaharap kaya hindi napuna ang pangingilid ng luha niya. “Ngayong bigla akong napaisip? I think so,” tugon nito. “Siguro nga gusto ko siya.”

Kung bakit naman kasi naisip-isip pa niya ang mga sinabi kanina! It was all her fault! Binigyan pa tuloy niya ng idea si Pierre para ligawan ang Marie na iyon.

Hindi niya napigilan ang pagtakas ng luha mula sa kanyang mga mata. Eksakto namang nag-angat ng tingin si Pierre kung kaya huling-huli nito ang pagluha niya.

“Lilac, umiiyak ka ba?” Nasa mukha nito ang pag-aalala. “B-bakit?”

“Wala!” marahas na turan niya. “Sige na, puwede ka nang umuwi tutal naman ay tapos na ang assignment ko.” Marahas niyang pinahid ang pasaway niyang luha.

“May nasabi ba akong mali? Bakit bigla ka na lang umiyak?” tanong pa nito habang iniligpit na niya ang libro at notebook niya.

“Wala nga!” tungayaw niya. Tumayo siya at dere-derecho na naglakad palayo. Nakakailang hakbang na siya nang muli siyang huminto at lumingon sa binata. “O, kung gusto mo huwag ka na munang umuwi. Daanan mo muna sa kanila iyong Marie mo at nang magkaunawaan na kayo. Magsama kayo,” hindi niya napigilang bulalas. At bago pa muling

tumulo ang luha niya, tumalikod na siya at tuluy-tuloy na pumasok sa loob ng bahay derecho sa daan patungo sa kanyang silid.

# 3

Pasulyap-sulyap si Pierre sa salamin sa loob ng kotse upang tingnan ang hindi kumikibong si Lilac na nakaupo sa backseat. Isang linggo na itong doon pumupuwesto at hindi sa tabi niya, gaya ng nakasanayan nito. One week na rin siya nitong hindi pinapansin.

Nagsisimula na siyang seryosong mag-alala. Nami-miss niya ang kadaldalan at kakulitan nito. He longed to see her smile and hear her laugh again.

Alam niya ang dahilan ng hindi nito pagkibo sa kanya. At batid niya kung bakit ito umiyak nang huli silang magkausap. Hindi niya inaasahang makikita niya itong luluha sa pagsasabi niya ng isang kasinungalingan.

Lalaki siya. Nararamdaman niyang may crush sa kanya si Lilac. Alam niyang sinasadya nitong iparamdam iyon. At sa bawat pagdaan ng araw ay lalo siyang nahihirapan. Nakikita niya ang ningning at kislap sa mga mata ng dalagita habang kausap siya. Hindi niya gustong lumawig pa ang nararamdaman nito.

Hindi alam ni Pierre kung ano ang nakita sa kanya ni Lilac. Hindi siya mayaman at paaral lang siya ng lolo nito. Hindi rin siya katulad ng mga lalaking nakakasalamuha nito na pawang mapoporma at anak-mayaman. Bukod pa sa malaki ang agwat ng edad nila. And she was just a high school student!

Kaya naman nang magkaroon ng pagkakataong iparating dito na hindi sila pupuwede ay agad niya iyong sinamantala. Kahit wala siyang kaibigang Marie ay nag-imbento siya ng ganoong kuwento. Alam niya na nang hapong iyon ay ang sarili mismo ang tinutukoy ni Lilac. At ayaw niyang i-encourage ang ganoong damdamin dito. Mapapatay siya ni Don Alejandro kapag pinakialaman niya ang pinakamamamahal nitong apo!

Hindi niya maaaring pangarapin man lang ang isang Lilac Villaroel. Iyon ang dapat niyang itatak sa isipan. Iyon ang tama.

Muli siyang sumulyap sa reflection nito sa salamin. Nakatingin sa labas ng kotse si Lilac at tila malalim ang iniisip. Nakabestida itong itim na may mumunting pulang bulaklak. Wala iyong manggas. Pulang flat shoes ang pangyapak nito. Katulad ng dati ay naka-pony-tail lamang ang buhok nito. Napakasimple ng ayos nito ngunit dalagang-dalaga

na itong tingnan. Kaya nga hindi na mapigilan ang mga lalaking bumubuntut-buntot dito sa school. Lalo na ang maaskad na Billy na iyon. Malapit nang buminggo sa kanya ang bubwit na iyon. Nakikita kasi niyang naiirita si Lilac sa pagsunud-sunod nito. Isang araw ay makakatikim na sa kanya ng salita ang lalaking iyon.

Nang aksidenteng mapagawi ang paningin ni Lilac sa salamin ay nagtagpo ang kanilang mga mata. Hindi siya nagtangkang umiwas, ngunit ito ang nagbawi ng tingin. Nagpakawala siya ng hininga. Hindi niya alam kung makakatagal ba siya sa cold treatment na ibinibigay nito sa kanya. Ngunit siguro ay mas mabuti na rin ang ganoon. Napatingin si Pierre sa langit habang nagmamaneho, makulimlim iyon. Tila ba nakikisama sa pananahimik at hindi pagkibo ni Lilac. Birthday ng best friend nitong si Beth at sa bahay niyon niya ihahatid at hihintayin ang dalagita.

Pinayagan ito ng abuelo dahil hapon naman ang simula ng party ngunit kabilin-bilinan ni Don Alejandro na hindi sila magpapapagabi nang husto.

Nang makarating sa tapat ng bahay nina Beth ay hindi na niya ipinasok ang kotse sa loob ng bakuran. Nakita niya kasing halos puno na ang parking area.

Walang salitang bumaba ng sasakyan si Lilac. Nang mapatapat ito sa kanya ay tinawag niya ang pangalan nito. Huminto ito ngunit hindi lumingon sa kanya.

"Ipapaalala ko lang na hanggang eight lang ang paalam mo sa lolo mo. Dapat mga nine o bago mag-nine ay nasa bahay na tayo. Kung wala ka pa dito ng eksaktong eight, I'm sorry pero kailangan na kitang sunduin sa loob para iuwi," aniya.

Lihim niyang idinasal na sana ay magsalita ito o sumagot man lang. Kahit pa paasik o kahit pa para lang awayin siya at ipaalala sa kanya na malaki na ito at hindi na kailangang paalalahanan na parang isang batang paslit. He just wanted to hear her voice so badly. Ngunit nabigo siyang marinig ang boses nito.

Pagkatapos niyang magsalita ay tuluy-tuloy na itong naglakad papasok sa nakabukas na maluwang na gate nina Beth. Nagpakawala siya ng malalim na paghinga pagkatapos ay isinandal niya ang ulo sa head rest ng upuan. Mukhang wala talaga itong balak na kibuin pa siya.

Para tuloy gusto na niyang bawiin ang nasabi rito. Na wala naman talaga siyang kaibigang Marie na pinagpaplanuhan na niyang ligawan. Na sinabi lamang niya iyon para… para…

Ah! Mariing naipikit niya ang mga mata.

"Pierre, sixteen years old lang na dalagita nagkakaganyan ka na?" sita niya sa sarili. "She's way out of your league! Mamili ka naman ng ka-edad mo at iyong kauri mo."

Sa sobrang inis sa sarili ay nagpasya siyang umalis na muna at mag-ikut-ikot. Kung saan ay hindi niya alam. Basta kailangan muna niyang makalayo kay Lilac kahit saglit lang. Babalik na lamang siya bago mag-alas-ocho ng gabi.

---

Birthday iyon ng best friend ni Lilac na si Beth kaya dapat ay maging masaya siya. Ngunit mabigat ang dibdib niya. Iniisip niya kung ano kaya ang hitsura ng Marie na iyon para mahalin ito ni Pierre.

*I'm sure hindi siya kasing childish at immature mo*, singit ng isang bahagi ng isip niya.

Muli siyang uminom ng punch na kasama ng mga pagkaing handa ni Beth.

"Ang tanga-tanga mo talaga, Lilac!" aniya sa sarili.

"O, bakit mo naman pinagagalitan 'yang sarili mo diyan," ani Beth na hindi niya namalayang

nakalapit na pala sa kanya. "Bakit nagsisisi ka na ba sa idineklara mong civil war sa pagitan ninyo ni Pierre?"

Hindi siya nakakibo sa tinurang iyon ng kaibigan.

Napailing ito. "Ang hirap sa 'yo, Lilac, gagawa-gawa ka ng isang bagay na ikaw rin naman ang mahihirapan. Hindi mo pinagkikikibo si Papa Pierre kaya 'yan, hirap na hirap ang loob mo at ni hindi mo man lang magawang ngumiti at mag-enjoy sa seventeenth birthday ng best friend mo."

"Beth, sorry, ha…" humihingi ng pang-unawang sabi niya. "Nahihirapan na kasi ako, eh. Bakit ba kasi hindi ko na lang naging ka-edad si Pierre? Sana college na rin ako para hindi niya isiping bata pa ako."

"Hay naku, girl, wala naman sa edad-edad 'yan, eh," anito sa kanya. "Nasa lakas iyon ng loob at tapang."

"Anong… ano'ng ibig mong sabihin?" takang tanong niya.

"Ano pa? Eh, di ipakita mo kay Pierre na hindi ka na bata at puwede ka niyang seryosohin. Unahan mo na iyong Marie na iyon."

"Unahan?"

"Ang hina mo naman pala, Lilac," ani Beth. "'Di ba mahal mo si Pierre?" Tumango siya. "Ayaw mo siyang mapunta kay Marie o sa kahit na sinong babae, hindi ba?" Sunud-sunod na iling ang ginawa niya. "Gusto mong makita ka niya bilang isang mature na babae na puwede rin niyang mahalin, tama ba?"

"Y-yeah…"

"Then tell it straight to his face!"

"W-what!"

"Sabihin mo kay Pierre kung ano'ng nararamdaman mo. Ipagtapat mo sa kanya lahat. Sabihin mo na hindi ka titigil hangga't hindi ka niya nagagawang mahalin. Gan'on!"

# 4

Alas siete pa lang nang muli siyang bumalik sa bahay nina Beth. Naikunot niya ang noo nang sa malayo pa lamang ay nakita na niya si Lilac na nasa labas at nakaupo sa gilid. Halos magdikit ang mga kilay niya sa pagsasalubong nang makilala ang lalaking katabi nito—ang mayabang na kaklase nitong si Billy.

Marahas na ipinarada ni Pierre ang sasakyan malapit sa dalawa. Nakita niyang agad na tumayo si Lilac. Sumunod naman si Billy. Base sa nakita niyang expression sa mukha ni Lilac ay tila iritadung-iritado na ito.

"May problema ba?" seryosong tanong niya sa dalagita nang makababa ng kotse. Ngunit ang tingin niya ay derechong nakatuon sa katabi nito.

"Yeah. It started when you came, driver," sarkastikong turan ni Billy sa kanya.

"Ginugulo ka ba ng bubwit na 'to, Lilac?" tanong niya; hindi inaalisan ng tingin ang kaklase nito. Hindi niya ugali ang pumatol sa kahit na anong gulo lalo pa at bata lang ang nagpo-provoke niyon. Ngunit kapag narinig niyang nagsumbong si Lilac ay may

paglalagyan ang Billy na ito.

Tinitigan niya ang binatilyo. Kita naman niya sa mga mata nitong naduduwag ito. Pasimple itong luminga-linga na para bang naghihintay ng back-up.

"Umuwi na tayo, Pierre," narinig niyang aya ni Lilac. Pagkatapos ay nauna na itong sumakay sa kotse. Iniwanan niya ng nagbababalang tingin si Billy bago siya sumunod sa dalaga.

Pagsakay niya sa driver's seat ay nagulat pa siya nang sa halip na sa backseat ay sa unahan na uli sumakay ang dalagita. Hindi na lamang siya kumibo.

"Where have you been?" narinig niyang tanong ni Lilac. Tila inis pa rin ito. Hindi niya malaman kung kay Billy ba ito naiinis o sa kanya.

"Nag-ikut-ikot lang. Hindi ko inaasahan na maaga kang lalabas. Bakit, hindi ka ba nag-enjoy sa party?" tanong niya.

Wala siyang narinig na sagot mula rito. Nang lingunin niya ito ay tila malalim ang iniisip nito. "Lilac?"

"H-ha!" pabiglang bulalas nito.

"Okay ka lang ba? May nangyari ba?" Palingun-lingon siya rito habang nagmamaneho. Nananatili

lamang itong nakatingin sa kanya. “Si Billy ba? May ginawa ba siyang hindi maganda?”

“N-no. Wala. Wala naman bukod sa pangungulit na medyo tumagal dahil sa tagal mong dumating,” anito, saka ibinaling ang tingin sa labas.

He sighed. “Pasensya ka na. Akala ko nga maaga pa ako. Eight ang usapan natin, di ba?”

Noon unti-unting pumatak ang kanina pa nagbabantang ulan. Wala na siyang narinig na anumang salita mula sa katabi. Nakatingin lamang ito sa labas kung saan tuluyan nang lumakas ang ulan. Pakiramdam niya ay may iniisip itong kung ano. Napasulyap siya sa mga kamay nitong magkasalikop. Kahit ang mga iyon ay tila ba balisa. Alam niyang may gumugulo sa isipan ni Lilac. Mukhang may hindi ito sinasabi sa kanya.

“Alam kong may nangyari,” hindi niya napigilang sabihin. Hindi niya makayang makita itong balisa at nasa malalim na pag-iisip. “Tama ako, di ba, Lilac?” Pinilit niyang gawing mahinahon at masuyo ang tinig.

“What m-makes you think na may problema?”

“Una, hindi ka mapakali diyan sa upuan mo. Parang ang lalim ng iniisip mo,” seryosong sabi ni

Pierre.

"W-wala nga."

"Look, kung hindi ka pa magtatapat diyan kung ano'ng nangyari, ida-drive ko itong sasakyan pabalik kina Beth. Si Billy ang tatanungin ko kung ano ang ginawa niya. At sinisigurado ko sa 'yo, Lilac, hindi magugustuhan ng buwisit na iyon ang gagawin ko," tiim ang bagang na turan niya.

Isipin pa lamang na kaya nagkakaganoon si Lilac ay dahil sa hindi magandang ginawa ng Billy na iyon ay nag-uumapaw na ang galit na nararamdaman ni Pierre.

Nang hindi pa rin kumibo si Lilac, "Lilac, naghihintay ako ng sagot mo," seryosong aniya. "Lilac—"

"Walang kinalaman si Billy dito, Pierre," sa wakas ay turan nito.

Bahagya siyang nakahinga. "Kung ganu'n ano ba talaga ang problema? Ano ba ang nangyari at nagkakaganyan ka? Lilac, puwede mong sabihin sa akin kung anuman 'yan." Puno ng concern ang mukha at tinig niya.

"It's not about Billy, Pierre." Derecho ang tingin

nito sa labas ng kotse. "It's about… y-you."

Lumipad ang tingin niya rito. "Me?" gulat na bulalas niya.

"Yes," anitong tumingin na rin sa kanya sa wakas.

"Lilac—"

"I am in love with you, Pierre. I love you."

Sa sobrang pagkabigla ay natapakan niya nang mariin ang brake ng sasakyan. Mabuti na lamang at maluwag ang daan at halos wala silang nakakasabay na mga sasakyan. Hindi siya nakapagsalita. Ni hindi siya nakagalaw nang marinig ang rebelasyong iyon. Pakiramdam niya ay bigla siyang nabingi. Unti-unting dumako ang tingin niya kay Lilac, nalilito.

"Don't you dare tell me that this is just infatuation, Pierre," agad nitong saad nang magtagpo ang kanilang mga mata. "I'm maybe sixteen but I know what I'm feeling. And I know that this is for real. I love you. I love you so much. Iyon ang dahilan kung bakit… bakit nagalit ako sa 'yo. Pero nagdamdam ako na may isang Marie na nag-e-exist sa buhay mo." Huminga ito nang malalim bago nagpatuloy. "But then again she's not yet your girlfriend, is she? So I told myself maybe… maybe if you would see

me in a different light, if I'd tell you how I feel…."

Habang nagsasalita ito ay tila ba hirap na hirap ang kalooban nito. At alam ng Diyos na kahit kailan ay hindi niya gustong makitang nagkakaganoon si Lilac. Nang marinig niyang sabihin ng dalagita na mahal siya nito ay tila ba lumukso ang puso niya sa labis na tuwa. Kung sana nga ay maaari niyang yakapin ang mga salitang iyon. Kung sana nga ay napakadali lamang na tanggapin iyon.

Ngunit hindi. Si Lilac Villaroel ang kaharap niya. Ito pa ang pinakamamahal na apo ni Don Alejandro Villaroel—ang taong pinagkakautangan niya ng loob… isang taong hindi niya maaaring biguin. And damn it, Lilac was too young! How could he believe those words coming from a sixteen-year-old, for heaven's sake!

Pagtinging-kapatid lamang ang dapat niyang maramdaman para rito. Wala nang iba pa. Siya ang nasa tamang edad kaya siya ang dapat na mas logical. But for a moment there, habang sinasabi ni Lilac na mahal siya nito, he was almost lost. Halos makalimutan na niya kung sino siya at sino ang kaharap niya. Kamuntik na niyang kabigin ang dalaga upang yakapin nang mahigpit… upang angkinin ang mga labi nito.

"Pierre, kaya kong patunayan sa 'yo na… na ako ang nararapat para sa 'yo. At totoo ang nararamdaman ko. Ako ang kailangan mong tingnan at hindi si M-Marie. The day I told you na nasa tabi mo lang ang babaeng para sa 'yo, I was referring to myself! I was hoping you'd get that. Mahal kita, Pierre. At habang buhay ko 'yang handang patunayan."

He was at a loss for words.

"Please, please… say something," hiling nito at nagsimula nang lumuha kasabay ng patuloy na pagbuhos ng malakas na ulan sa labas ng sasakyan.

"Hindi mo alam ang sinasabi mo, Lilac," hindi tumitingin ditong turan niya. Mabigat na mabigat ang dibdib niya nang mga sandaling iyon. Tila ba tumatanggi ang bawat himaymay ng kanyang katawan sa sinasabi niya, lalung-lalo na ang kanyang puso. But it was madness! At hindi niya hahayaan ang sariling tuluyang mahulog sa isang kahibangan.

"Look at me, Pierre," samo nito. "Please, tumingin ka sa akin…" pakiusap nito.

Wala siyang nagawa kundi ang tingnan ang dalagita. At wala rin siyang nagawa nang kunin nito ang kamay niya at ilapit iyon sa tapat ng puso nito. "Mahal kita, Pierre. Iyon ang sinasabi ng puso ko. At

alam ko na totoo ito…"

Tila napapasong binawi niya ang kamay. "Tigilan mo na 'to, Lilac. Tigilan mo na ang paglalarong ito. Hindi na nakakatuwa."

"But I'm telling the truth, damn you!" malakas na turan nito. "Bakit ba ayaw mong maniwala? Just give me a chance and I'll prove it to you. Chance lang ang hinihingi ko, please…"

"Lilac, ikaw na rin ang may sabi, you're just sixteen. Palagi mong sinasabi sa akin kung paanong pabagu-bago ang isip ng mga ka-edad mo. Ako ang unang lalaking napalapit sa 'yo. Maybe in some way you looked up to me. I am older than you and you're fascinated with the idea of falling in love with a guy who's much older than you. Isang araw magigising ka rin at maiisip mo na infatuation lang ang nararamdaman mo. Humahanga ka sa akin? Fine. Pero ang isiping mahal mo ako, imposible iyon. It's early to tell and—"

"Kaya nga ang hinihingi ko sa 'yo ay panahon, Pierre. Panahon para patunayan ko sa 'yo na totoo ang nararamdaman ko. Iyon ang dahilan kaya hindi ko magawang sagutin ang sinuman na manligaw sa akin. I am saving myself for you. Can't you see that?"

"Lilac, I'm telling you this now. Hindi totoong pagmamahal ang nararamdaman mo para sa akin. It's a mere… crush. An infatuation, iyon lang. Lilipas din iyan."

Pagkatapos niyon ay muli na niyang pinaandar ang sasakyan. Hindi na siya kumibo pa at pinanatili niyang seryoso ang expression ng mukha upang hindi na magawang magsalita pa ni Lilac.

"Pumasok ka na sa loob," aniya nang makarating sila sa bahay ng mga ito at maiparada ang kotse sa garahe. "Uuwi na ako. Huwag ka nang masyadong mag-isip. Darating ang araw makikita mo, may makikilala ka na talagang mamahalin mo. Iyon ay kapag nasa tamang edad ka na. At kapag binalikan mo ang araw na 'to, tinitiyak ko sa 'yo, pagtatawanan mo na lang ito."

Ngunit mukhang hindi talaga niya nakumbinsi si Lilac. Malungkot na malungkot pa rin ang mukha nito. Ngunit naroon sa mga mata nito ang determinasyong ipakita sa kanyang nagkakamali siya.

"That day will never come, Pierre. Sinisigurado ko iyon sa 'yo. I'll be eighteen, then twenty-one… then, thirty. And I would still be in love with you."

"Then, tell me that again when you're thirty… o kahit kapag twenty-one ka na. Maybe then, I'll think about it and reconsider."

Tumalikod si Pierre at naglakad palayo. Sa labis na pagpipigil ng emosyon at bigat ng dibdib ay sinagasa niya ang malakas na ulan. Gusto niyang madama ang malamig na ulan. Baka sakaling mawala sa isip niya ang paulit-ulit na sumasalit sa kanyang isipan.

*Mahal kita, Pierre. I am in love with you.*

*At totoo ang nararamdaman ko.*

*I'll be thirty and I would still be in love with you…*

Damn!

"Pierre!" narinig niyang tawag sa kanya ni Lilac.

Nang humarap siya ay nakita niyang humahangos ito palapit sa kanya. Bago pa siya nakapag-react ay mabilis na itong tumiyad at hinalikan siya sa mga labi.

Hindi niya inaasahan ang pagbuhos ng sari-saring emosyon sa puso niya. Nasaktuhan ng dalaga ang pinakamahinang estado ng kanyang damdamin. Habang nasa ulan siya ay tuluyan niyang pinakawalan ang nararamdaman ng puso. At iyon

ang naabutan ni Lilac.

Pinagsalikop nito ang mga braso sa kanyang leeg. Kaya, wala siyang nagawa kundi ang yumakap sa baywang nito upang hindi mawalan ng balanse. Halatang hindi marunong humalik ang mga labi ni Lilac; hindi alam ng mga iyon kung paano gagalaw. Basta nakadikit lamang iyon sa mga labi niya.

Masyado siyang nanghihina para paglabanan ang sariling damdamin. Hindi niya gustong mawalan ng saysay ang alam niyang unang halik na iyon ni Lilac.

And so ever gently, he cupped her face and kissed her properly. Just a gentle kiss. The one she deserved at her age. And oh, God forgive him, but he loved the feel of her lips on his. He loved kissing her. Ngunit kailangan niyang putulin ang halik na iyon.

Inilayo niya ang sarili sa dalagita. Binaklas niya ang pagkakayakap ng mga braso nito sa kanyang leeg. Ngunit sa halip na sakit at pagkapahiya ang makita niyang nakarehistro sa mukha ni Lilac, nagulat siya nang makitang maluwang ang pagkakangiti nito.

"I felt it," anito habang pareho silang naliligo sa ulan. "You can't deny it, Pierre. You feel something

for me. I felt it in that kiss. Hindi ako titigil hangga't hindi ka umaamin sa totoo mong nararamdaman."

"You'll keep on waiting for that day, Lilac," sarkastikong sagot niya bilang parusa sa aksidente nitong pagkakatuklas sa kanyang lihim. "Masasaktan ka lang sa paghihintay…"

"Run for as long as you want to, Pierre," derecho ang tingin sa kanyang mga matang pahayag ni Lilac. Sa mga sandaling iyon, pakiramdam niya ay hindi lamang sixteen years old ang kausap niya. She was very determined. "Pero darating ang panahon na kakailanganin mo ring huminto para magpahinga sa pagtakbo. And when that time comes, you'll see me right here waiting for you."

Iyon lang at tumakbo na ito palayo sa kanya. Hanggang sa makita niya itong tuluyan nang pumasok sa loob ng bahay. Habang siya naman ay nanatiling nakatayo sa ulan. Nang mag-angat siya tingin ay hindi siya maaaring magkamali sa kanyang nakita: nakahawi ang kurtina sa isa sa mga silid sa itaas ng bahay. At mula roon, kitang-kita niyang nakadungaw sa may bintana si Don Alejandro!